Pangalan: Mohammad C. Francisco
Paksa ng Khutbah: “Tunay na Tagumpay”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa Islam, purihin natin si Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha, na nagbigay sa atin ng buhay, patnubay, at pag-asa. Walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, at si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang Kanyang Huling Sugo.

Sa buhay na ito, karamihan sa mga tao ay abala sa paghahanap ng tinatawag nilang tagumpay—sa kayamanan, kasikatan, at kasiyahan. Subalit, itinuro sa atin ng Islam na ang mga bagay na ito ay panandalian lamang at hindi nagdadala ng tunay na kapayapaan ng puso.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَمَا الْحَيَاةُ الدُّنْيَا إِلَّا لَعِبٌ وَلَهْوٌ ۖ وَلَلدَّارُ الْآخِرَةُ خَيْرٌ لِّلَّذِينَ يَتَّقُونَ ۗ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴾ الأنعام: 32

***“Ang buhay sa Mundong ito ay walang iba kundi paglilibang at panandaliang kasiyahan. Nguni’t ang tahanan sa Kabilang-Buhay ay higit na mainam para sa mga may takot kay Allah. Hindi ba ninyo ito nauunawaan?"*** (Al-An’am: 32)

Ang tunay na tagumpay ay hindi nasusukat sa dami ng kayamanan o taas ng posisyon. Ito ay nakasalalay sa pagkakamit ng kaligayahan at kaligtasan sa Kabilang-Buhay. Ang pinakamahalagang tanong sa bawat Muslim ay ito: Paano natin makakamtan ang tagumpay na ito? Una, sa pamamagitan ng matibay na

pananampalataya. Ang tamang ‘Aqeedah (paniniwala) at pagsunod sa mga Utos ni Allah ang pangunahing pundasyon. Ang Salah (pagdarasal) ay daan upang mapanatili ang ating koneksyon kay Allah, at ang Zakah (pagbibigay ng kayamanan sa nangangailangan) ay paglilinis ng ating yaman at puso.

Mga kapatid, hindi maitatanggi na ang tagumpay sa Islam ay nakakamit lamang sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ni Allah at sa paggawa ng mga mabubuting gawa.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ قَدْ أَفْلَحَ ٱلْمُؤْمِنُونَ (1) ٱلَّذِينَ هُمْ فِى صَلَاتِهِمْ خَـٰشِعُونَ (2) ﴾ المؤمنون: 1-2

***“Katotohanang nagtagumpay ang mga nananampalataya, yaong mga may kababaang-loob sa kanilang Salah.”*** (Al-Mu’minun: 1-2)

Ang Salah ay nagbibigay ng lakas at gabay sa ating pang-araw-araw na buhay. Ito ay nagdudulot ng kapayapaan sa ating puso, nililinis nito ang ating mga kasalanan, at ginagabayan tayo sa paggawa ng tama. Ang unang itatanong sa atin sa Araw ng Paghuhukom ay ang ating Salah. Kapag ito ay naging wasto, ang lahat ng ating gawa ay tatanggapin. Ngunit kung ito ay nasira, ang lahat ng iba pa nating gawa ay hindi tatanggapin.

Ang Salah ay ang ikalawang haligi ng Islam, at ito ang nagtatangi sa isang Muslim mula sa isang hindi naniniwala. Kaya’t nararapat na hindi natin talikuran ang Salah sapagkat ito ay hindi lamang isang obligasyon, ito ang ating direktang koneksyon kay Allah. Sa bawat pagyuko at pagdulog natin sa Kanya, inilalapit natin ang ating sarili sa Kanyang Awa, Patnubay, at Biyaya.

Si Allah ay nagsabi:

﴿ إِنَّ الصَّلَاةَ تَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ ﴾ العنكبوت: 45

***“Katotohanang ang Salah ay pumipigil sa kahalayan at sa mga masasamang gawa."*** (Al-Ankabut: 45)

Kaya mga kapatid sa pananampalatayang Islam, huwag nating pabayaan na mapabilang tayo sa mga taong hindi nagsasagawa ng Salah. Ingatan at pangalagaan natin ang paggawa ng pagsamba para kay Allah.

Marami tayong mga kapatid na pilit na itinataguyod ang Salah kahit sila ay nasa gitna ng malaki at mahirap na dagok sa kanilang buhay. Isang halimbawa na dito, ay ang mga kapatid nating mga Muslim na nasa ilalim ng giyera kagaya ng Palestine na kung saan ay nagiging parang six times a day ang kanilang Salah nang dahil sa dami ng namamatay sa kanila halos araw-araw. Limang beses lang ang obligadong Salah na inutos sa ating mga Muslim, ngunit

naisasali na nila ang Salatul Janazah sa araw-araw nilang Salah na hindi obligadong Salah. Isang nakakalungkot na tanawin.

Samantalang ito tayo, nasa atin na ang lahat ng pribelihiyo na maisagawa ang Salah nang walang giyera, walang takot, na hindi tulad nila na nasa anumang oras ay may taong handang manakit habang sila ay nagsasagawa ng Salah. Ngunit marami pa rin sa atin ang sumusuway sa kautusan ni Allah. Marami pa ring hindi nagsasagawa ng Salah. Hindi ba't ito ay nakakahiya?

Bantayan at pangalagaan natin ang ating Salah upang makamit natin ang tagumpay sa Dunya at Akhira.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid, nabanggit natin sa unang bahagi ng mensahe kung paano makakamtan ang tagumpay, una ay sa pamamagitan ng **Matibay na Pananampalataya.** At ang ikalawa naman ay ang **Pagsusumikap na Maging Mabuting Muslim.**

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

**"إِنَّ مِنْ خِيَارِكُمْ أَحْسَنَكُمْ أَخْلاَقًا."** (رواه البخاري)

*“Ang pinakamainam sa inyo ay yaong may pinakamainam na pag-uugali.”*
(Inulat ni Al-Bukhari)

Magsikap tayong maging mabuting anak, asawa, magulang, kapit-bahay, at kasamahan. Ang bawat mabuting gawa, gaano man kaliit, ay titimbangin sa ating mga timbangan sa Araw ng Paghuhukom.

Mga kapatid, sa Kabilang-Buhay ay darating ang oras na tayo’y haharap kay Allah para sa ating pagsusulit. Ang Araw ng Paghuhukom ay ang oras kung saan walang magpapasya kundi si Allah. Paano natin mapaghahandaan ang Araw na iyon? Sa pamamagitan ng pagsunod sa Qur-an at Sunnah.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

**"تَرَكْتُ فِيكُمْ أَمْرَيْنِ لَنْ تَضِلُّوا مَا تَمَسَّكْتُمْ بِهِمَا كِتَابَ اللَّهِ وَسُنَّةَ نَبِيِّهِ."** (أخرجه مالك)

*“Iniwan ko sa inyo ang dalawang bagay; hindi kayo maliligaw hangga’t kayo’y mananatiling nakakapit dito — ang Aklat ni Allah at ang aking Sunnah."*
(Inulat ni Malik)

Higit sa lahat, magpatuloy tayo sa pagiging matatag sa pananampalataya sa harap ng mga pagsubok. Ang buhay ay hindi laging madali, ngunit sa bawat hamon ay may pagkakataong mapalapit kay Allah sapagkat hindi binibigyan ni Allah ang bawat kaluluwa ng pagsubok na hindi niya makakayang lampasan.

Mga kapatid, ating alalahanin na ang buhay sa Mundong ito ay isang panandaliang paghahanda lamang. Huwag nating hayaan na ang makamundong layunin ay mag-udyok sa atin na talikuran ang Kabilang-Buhay. Sikapin nating linisin ang ating mga intensyon, palakasin ang ating pananampalataya, at gawing sentro ng ating buhay ang pagsamba kay Allah. Huwag nating hayaang maging pabaya tayo sa Salah. Ito ang susi ng ating kaligtasan at tagumpay. Gawin nating prayoridad ang ating limang beses na

pagdarasal sa araw-araw, isabuhay ang kahulugan nito, at gawing inspirasyon para magtagumpay hindi lamang sa materyal na aspeto ng buhay kundi higit sa lahat sa ating espiritwal na paglalakbay.

Nawa'y bigyan tayo ni Allah ng patnubay upang maisabuhay ang ating Salah at gawin itong sentro ng ating buhay. Humingi tayo ng kapatawaran at gabay mula kay Allah sa bawat pagkukulang natin. Sa ganitong paraan, makakamtan natin ang tunay na tagumpay, isang buhay na puno ng kasiyahan sa Kabilang-Buhay sa piling ng ating Panginoon.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***